




## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

<b>Circular No.</b>	<b>2021-0016</b>
<b>Title</b>	<b>Application of Debit-Credit Payment Method (DCPM) to Facilitate the Settlement of Accounts Payable to Healthcare Facility (HCFs) during the State of Public Health Emergency due to the COVID-19 Pandemic – Revision 2</b>

Tanong	Sagot
<b>A. Tanong ng Publiko</b>	
<b>Ano ang Debit Credit Payment Method o DCPM?</b>	<p>Ang DCPM ay isang mekanismo na binuo ng PhilHealth upang mas mapabilis ang pagbabayad sa mga Health Care Facility (HCF) sa panahon ng Public Health Emergency dulot ng COVID-19.</p> <p>Sa ilalim ng <i>DCPM (Revision 2)</i>, babayaran ng PhilHealth ang kabuuang 60% ng in-process claims na natanggap simula <i>April 08, 2021 hanggang August 09, 2021</i> mula sa mga kwalipikadong pasilidad. Pagkatapos ay babayaran naman ang natitirang 40% ng mga claim matapos sumailalim sa pagpo-proseso ayon sa existing procedure.</p>
<b>Bakit kailangang magpatupad ng ganitong uri ng pagbabayad ang PhilHealth?</b>	<p>Dahil sa patuloy na pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 na lubhang nakaaapekto na sa Philippine Health System, ang DCPM ay binuo upang matulungan ang mga HCF na magkaroon ng sapat na pondo, makapagpatuloy ng kanilang operasyon, at diretsong makatugon sa mga pangangailangan ng pasyente ngayong panahon ng pandemya. Gayundin, upang mabigyan ang mga pasilidad na gumagamot sa COVID-19 cases ng isang mas mabilis na mekanismo ng pagbabayad ng kanilang mga claims.</p>
<b>Ano ang legal na basehan para sa pagpapatupad ng DCPM?</b>	<p>Ang DCPM ay naaayon sa RA 7875, na inamyendahan ng RA 9241 at 10606, gayundin sa RA 11223 o Universal Health Care Act kung saan sinasabing maaaring magpatupad ang PhilHealth ng iba't-ibang pamamaraan ng pagbabayad sa mga pasilidad. Ito ang naging basehan sa pagbuo ng PhilHealth Circular <i>2021-0016</i> na inaprubahan ng Board noong <i>August 11, 2021</i>.</p>
<b>Ano ang pagkakaiba ng DCPM sa Interim Reimbursement Mechanism o IRM?</b>	<p>Sa ilalim ng DCPM, ang mga claim na nai-file na ng mga ospital ang siyang babayaran ng PhilHealth na mas mabilis sa itinakda ng batas. Samantala, ang IRM naman ay advance na pondong ini-release ng PhilHealth sa mga pasilidad at matapos ay ili-liquidate ng tumanggap na ospital sa PhilHealth mula sa mga claim na kanilang ipa-file.</p>



 <p><b>PhilHealth</b> Your Partner in Health</p>	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	2021-0016
	<b>Title</b>	<b>Application of Debit-Credit Payment Method (DCPM) to Facilitate the Settlement of Accounts Payable to Healthcare Facility (HCFs) during the State of Public Health Emergency due to the COVID-19 Pandemic – Revision 2</b>

<b>Mga kaso ng COVID-19 lamang ba ang magiging sakop ng DCPM?</b>	Lahat ng claim ng ospital, maging kaso man ito ng COVID-19 o hindi, ay sakop ng DCPM. Kailangan lamang mag-apply at mag-qualify ang isang HCF sa mga patakaran na itinakda ng PhilHealth.
<b>Ano ang pakinabang ko bilang miyembro sa DCPM?</b>	Makatitiyak ang isang miyembro na patuloy ang pagbibigay ng serbisyong medikal sa iyo ng mga pasilidad dahil ginagarantiyahan ng PhilHealth na mas mabilis na babayaran nito ang mga claim upang sila ay patuloy na makatugon sa pangangailangan ng mga pasyente.
<b>Ngayong mayroong DCPM, may kailangan pa ba akong bayaran sa pagpapa-ospital?</b>	Ang umiiral na patakaran para sa no co-payment o No Balance Billing policy ay mananatili pa rin.
<b>Matutugunan ba ng DCPM ang mga kasalukuyang kakulangan sa mga ospital?</b>	Oo. Dahil sa mabilis nang mababayaran ng PhilHealth ang mga HCF, magkakaroon sila ng sapat na pondong magagamit upang tustusan ang mga kasalukuyang kakulangan sa pasilidad at kinakailangang serbisyo ng mga pasyente.
<b>Paano makasisiguro na napo-protektahan pa rin ang pondo ng PhilHealth?</b>	Tanging mga good claims lamang o yung mga karapat-dapat bayaran na claim ang siyang mababayaran sa ialim ng DCPM. Hindi kasali dito ang mga may deficiency, mga denied at mga dapat na imbestigahan. Makakaasa ka na hindi magre-release ang PhilHealth ng pondong hindi accounted.
<b>B. Tanong ng mga Health Care Facilities</b>	
<b>Anong period ng mga claim ang mababayaran sa ilalim sa DCPM (revision 2)?</b>	Sakop ng DCPM ang lahat ng claims na in-process (hindi kasali dito ang mga may deficiency, mga denied at mga dapat na imbestigahan) na natanggap o nai-refile mula <i>April 08, 2021</i> hanggang <i>August 09, 2021</i> .
<b>Lahat ba ng claim na nai-file ng ospital ay mababayaran sa DCPM?</b>	Tanging mga in-process na claims lamang ang mababayaran sa DCPM. Hindi kasama rito ang mga Return-to-Hospital claims, Denied claims, Claims referred for investigation gayundin ang mga naaprubahan na for payment as of <i>August 09, 2021</i> .






## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

<b>Circular No.</b>	<b>2021-0016</b>
<b>Title</b>	<b>Application of Debit-Credit Payment Method (DCPM) to Facilitate the Settlement of Accounts Payable to Healthcare Facility (HCFs) during the State of Public Health Emergency due to the COVID-19 Pandemic – Revision 2</b>

<b>Bakit hindi kasama ang mga RTH, Denied, at Under Investigation sa mga mababayaran sa DCPM?</b>	Dahil ang mga claim na ito ay may mga deficiency na kailangang i-comply pa ng HCF. Matapos ang compliance at mapatunayang ang claim ay dapat bayaran ay saka pa lamang ito mapapabilang sa mga good claims.
<b>Lahat ba ng Health Care Facilities ay maaaring mag-apply para sa DCPM?</b>	Hindi. Ang mga kwalipikadong pasilidad na maaari lamang mag-apply sa DCPM ay ang mga probinsiya o rehiyon na na-identify ng IAFI/NTF gaya ng National Capital Region, Batangas, Bulacan, Cavite, Laguna, Pampanga at Rizal. Maaari na ring maisama ang iba pang lugar na idaragdag na tutukuyin ng IAFI o NTF.  Kinakailangan din na wala nang balanse sa IRM ang nasabing pasilidad, may claim para sa COVID-19 Package ng PhilHealth, at hindi suspendido ang accreditation sa PhilHealth sa loob ng naitakdang panahon sa polisyang ito. <i>Ang mga HCF na nakasama sa unang implementasyon ng DCPM ay maari pa ring masama sa pangalawang implementasyon sa kundisyong makapasa sila sa inclusion criteria.</i>
<b>Ano-ano ang mga kailangan upang makapag-apply sa DCPM?</b>	Ang mga kwalipikadong HCF ay kailangang magsumite ng Letter of Intent (LOI) o aplikasyon para DCPM at Undertaking na nilagdaan ng may-ari o Medical/Hospital Director ng pasilidad. Ito ay sasailalim sa screening ng PhilHealth.
<b>Magkano ang tinatayang pondo na maire-release sa pamamagitan ng DCPM?</b>	<i>Ayon sa record, tinatayang nasa P12.5 bilyon para sa bigit 700 thousand na claims ang ire-release ng PhilHealth sa ilalim ng DCPM (revision 2); 60% nito na nagkakabalaga ng P 7.5 bilyon, ang agad na maire-release sa mga pasilidad.</i>
<b>Kailan matatanggap ng HCF ang nalalabing 40% ng bayad matapos matanggap ang 60%?</b>	Matatanggap ng mga HCF ang natitirang 40% matapos dumaan ang claim sa regular na proseso at reconciliation mula sa naunang natanggap na 60%
<b>Tuloy pa rin bang makatanggap ang mga HCF ng DCPM matapos ang August 09, 2021?</b>	Ayon sa PhilHealth Circular, ang mga claim na mababayaran sa ilalim ng DCPM ay mula <i>April 08, 2021 hanggang August 09, 2021</i> lamang. Maaaring magpalabas ang PhilHealth ng karagdagang guidelines hinggil dito.



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	2021-0016
	<b>Title</b>	Application of Debit-Credit Payment Method (DCPM) to Facilitate the Settlement of Accounts Payable to Healthcare Facility (HCFs) during the State of Public Health Emergency due to the COVID-19 Pandemic – Revision 2

<b>Magkakaroon ba ng pagbabago sa pamamaraan ng pagpa-file ng claim sa ilalim ng DCPM, o may bago bang system ba na gagamitin para dito?</b>	Wala. Ang umiiral na patakaran para sa pagpapa-file nang claim ay mananatili pa rin at wala ring ibang system ang gagamitin para dito.
--	--

